EVERY TRIBE EVERY NATION

# Pagpupuri ng Lahat ng Bayan

WEEK 2

## WARM-UP

- Ano ang bansang pinakagusto mong bisitahin? Ano ang gusto mong makita o gawin doon?
- Anong kuwento mula sa mga naunang henerasyon sa iyong pamilya ang hinding-hindi mo makakalimutan? Bakit?
- Mayroon ka bang *journal*? Sa tingin mo, paano ka ilalarawan ng mga taong makakabasa ng *journal* mo sa hinaharap?

## WORD

12 *Ngunit kayo Panginoon ay naghahari magpakailanman;*
*at hindi kayo makakalimutan sa lahat ng salinlahi. . . .*
15 *At ang mga bayang hindi kumikilala sa Diyos ay*
*matatakot sa Panginoon. At ang lahat ng hari sa mundo*
*ay igagalang ang inyong kapangyarihan.* **SALMO 102:12, 15**

(Basahin din ang **SALMO 102:16–22.**)

Sa talatang ito, inilarawan ng Salmista na ang Diyos ay walang hanggan at *naghahari magpakailanman*. Sinasabi nito na ipinahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa mga mamamayan noong unang panahon at patuloy Niyang nais na ipahayag ang Kanyang sarili sa mga mamamayan sa hinaharap. Nagpakita ang Diyos ng habag sa Kanyang mga mamamayan, at narinig Niya ang mga panalangin ng mga taong nawawalan ng pag-asa. Bukod dito, pinakita ng Diyos ang Kanyang kaluwalhatian, at pinalaya Niya ang mga naging bihag ng kasalanan. Dahil sa kung sino Siya at sa Kanyang mga ginagawa, ang mga tao sa buong mundo na nakakakilala sa Kanya ay gagawin ang higit pa sa pagtitiwala sa Kanya. Sa araw na ito, titingnan natin ang dalawang bagay na mangyayari kung malalaman ng sanlibutan ang kadakilaan at katapatan ng Diyos.

## 1 Ang Diyos ay pupurihin sa bawat bayan.

*At ang mga bayang hindi kumikilala sa Diyos ay matatakot sa PANGINOON. At ang lahat ng hari sa mundo ay igagalang ang inyong kapangyarihan.* **SALMO 102:15**

(Basahin din ang **SALMO 102:16–17.**)

Ipinakita ng Salmista ang dalawang aspeto ng katangian ng Diyos. Una, ang Diyos ay dapat katakutan. Siya ay katatakutan ng lahat ng hari at bansa sa buong mundo. Hindi ito nangangahulugan na nakakatakot ang Diyos. Ang ibig sabihin ng salitang "takot" na ginamit sa talatang ito ay pagiging kapita-pitagan o kagalang-galang. Kapag ipinakita ng Diyos ang Kanyang kadakilaan at kaluwalhatian, ang mga tao sa buong mundo ay itataas at sasambahin ang Kanyang pangalan. Pangalawa, ang Diyos ay mapagmahal. Sa kabila ng Kanyang kadakilaan, hindi Niya tinalikuran ang mga mabababa. Maaari tayong maging panatag sa katotohanan na kahit sino o nasaan man tayo, naririnig ng Diyos ang ating mga panalangin sa panahong kailangan natin Siya, at inilalapit Niya tayo sa Kanya. Ibahagi ang isang pagkakataon kung kailan nagbigay sa iyo ng kaginhawahan ang pagmamahal ng Diyos na naging daan upang sambahin mo Siya. Magbahagi rin ng patotoong katulad ng iyong ikinuwento na mula sa isang tao sa iyong *church community* o kaya ay mula sa ibang bansa.

## 2 Ang Diyos ay maaalala ng bawat henerasyon.

*[12]Ngunit kayo PANGINOON ay naghahari magpakailanman; at hindi kayo makakalimutan sa lahat ng salinlahi. . . . [18]Isusulat ito para sa susunod na salinlahi, upang sila rin ay magpuri sa PANGINOON.*

**SALMO 102:12, 18**

Inilarawan ng Salmista ang lawak ng naaabot ng Diyos. Siya ay pupurihin hindi lamang ng mga bansa kundi ng *lahat ng salinlahi*. Ito ang gusto ng Diyos na malaman ng mga susunod na henerasyon—narinig ng Diyos ang daing ng mga taong naging bihag at pinalaya Niya sila (Salmo 102:19–20). Anuman ang ginawa ng Diyos sa nakaraan ay totoo pa rin para sa atin sa kasalukuyan. Nagpapalaya pa rin Siya ng mga tao. Dapat pa rin nating itala at ipahayag ang Kanyang mga ginagawa upang makilala at sambahin din Siya ng mga susunod na henerasyon. Ano ang panalangin ng Salmista sa Salmo 71:18? Paano ka ginagamit ng Diyos sa kasalukuyan mong estado ng buhay upang ipahayag sa susunod na mga henerasyon ang Kanyang kabutihan?

## APPLICATION

- Alalahanin kahit limang mahahalagang bagay na ginawa ng Diyos sa iyong buhay at ano ang tinuro sa iyo ng bawat pagkakataong ito tungkol sa katangian ng Diyos. Ibahagi ang mga ito ngayong linggo sa isang taong mula sa mas batang henerasyon.
- Paano makakatulong sa mga tao sa iyong paligid, anuman ang kanilang edad o kultura, ang pamumuhay nang may pagsamba sa Diyos? Paano ito makakatulong upang makakilala ang iba kay Cristo?
- Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng bansang maipapanalangin mo simula ngayong linggo. Ipanalangin na maipahayag ang kaluwalhatian ng Diyos sa bansang iyon at ibigay sa Kanya ng mga tao ang papuri at pagsamba na nararapat ibigay sa Kanya.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapahayag Niya ng Kanyang sarili sa iyo. Ipanalangin na gamitin ka Niya upang maipahayag kung sino Siya hindi lamang sa iyong bansa kundi maging sa ibang bansa.
- Humingi sa Diyos ng mas marami pang pagkakataon upang maipangaral ang ebanghelyo sa bawat bansa. Ipanalangin na maging matatag sa kanilang pananampalataya ang mga misyonaryo sa lahat ng bahagi ng mundo.
- Ipanalangin na magiging masigasig ang iyong henerasyon sa pagpapahayag tungkol sa Diyos sa mga susunod na henerasyon. Ipanalangin na makilala nila ang Diyos at tuparin ang Kanyang mga plano at layunin para sa bawat bansa sa kanilang henerasyon.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Ian Susi, Madel Vanguardia

victory.org.ph